Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-DALAWAMPU'T APAT NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-18 NG HULYO, 2001 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr.	- Pang. Punong-bayan-Namuno
2. Kgg. LUISITO B. ALGABRE	- Kagawad
3. Kgg. RAUL P. AALA	- Kagawad
4. Kgg. LAUDEMER A. CARTA	- Kagawad
5. Kgg. MARCELITO S. LASERNA	- Kagawad
6. Kgg. PETRONIO C. FACTORIZA	- Kagawad
7. Kgg. ARTURO M. TIONGCO	- Kagawad
8. Kgg. ARTEMIO M. GOMEZ	- Kagawad
9. Kgg. ROMEO P. AALA	- Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay
10. Kgg. ARIES A. ALCABASA	- Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Di-Dumalo:

1. Kgg. ERIC T. PUZON	- Kagawad

****

KAUTUSANG BAYAN BLG. 1081-2001

(Akda ni Pang. Punong-bayan Catindig)
(Sa mungkahi ni Kgg. Gomez na pinangalawahan ni Kgg. Algabre)

ANG KAUTUSANG BAYAN NA NAG-AATAS SA LAHAT NG PUNONG-BARANGAY, KAGAWAD AT MGA KAWANI PARA MAGTANIM NG MGA PUNONGKAHOY SA KAHABAAN NG ILOG, IRRIGATION CANAL AT BAYBAY KALSADA NA KANILANG NASASAKUPAN.

SAPAGKA'T, ang kahabaan ng mga ilog at irrigation canal ay kulang sa mga taong nagmamantine;

SAPAGKA'T, ang kahabaan ng ilog, irrigation canal at baybay kalsada ay ginagawang tirahan at espasyong komersyal ng mga taong naninigilan dito sa kabila na ito ay hindi kanilang pag-aari;

SAPAGKA'T, kailangan natin ang balanseng ekolohiya at luntiang kapaligiran;

SAPAGKA'T, kailangan na mapagbuti ang ating kapaligiran at higit na mapangalagaan ang ating lupain, kung kaya;

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

IPINASIYA, ng katulad nito'y IPINASIYA ang pag-aatas sa lahat ng punong-barangay, kagawad at mga kawani ng bawa't barangay na magtanim ng mga punongkahoy sa kahabaan ng ilog, irrigation canal at baybay kalsada na kanilang nasasakupan.

IPINASIYA DIN, na atasan ang mga nabanggit na mga opisyal na magkaroon ng "TREE MAPPING" sa kanilang nasasakupang barangay.

IPINASIYA RIN MULI, na padalhan ng sipi ang lahat ng dapat makabatid ng kautusang ito.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinatotohanan:

JOSE B. CATINDIG, Jr.
Pang. Punong-bayan

Pinagtibay:

LEON C. ARCILLAS
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kautusang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-24 na Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-18 ng Hulyo, 2001.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim